

MAYOR OF LONDON

Sentro ng Mga Karapatan sa Pagtatrabaho

Bilang bahagi ng pangako ng Alkalde na gawing mas patas na lungsod para magtrabaho ang London, nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa iba't ibang karapatan sa pagtatrabaho pati mga detalye ng ano ang gagawin kung mayroon kang problema sa trabaho.

Mga Nilalaman

Tala sa pagsasaling-wika	2
Ano ang mga karapatan sa pagtatrabaho?	3
Nag-aalala ako na wala akong mga karapatan sa pagtatrabaho dahil sa aking katayuan sa imigrasyon	4
Saan ako makakakuha ng pangkalahatang payo tungkol sa mga karapatan sa pagtatrabaho?	8
Tinatrato nang patas	12
Bayad at mga pensyon	22
Pagkawala ng iyong trabaho	29
Mga pamilya at magulang	35
Oras ng pahinga mula sa trabaho	41
Mga oras ng pagtatrabaho at mga kondisyon	45

MAYOR OF LONDON

Tala sa pagsasaling-wika

Isinalin ang patnubay na ito sa iyong wika mula sa wikang Ingles. Ang ilan sa mga sanggunian na ini-link namin ay mababasa lamang sa wikang Ingles. Kung nais mong basahin ang mga iyon, nag-aalok ang Google Translate ng serbisyo kung saan maaari mong isaling-wika ang isang buong webpage. Magbukas ng web browser at magpunta sa translate.google.com. Sa text box sa kaliwa, i-type ang buong URL (kabilang ang <http://>) ng website na nais mong tingnan. Sa kanan, piliin ang wika kung saan nais mong makita ang website. Lilitaw ang isinaling-wika na website, at maaari mong i-browse ang buong website sa wikang iyon sa pamamagitan ng pag-click sa mga link sa site – hangga’t manatili ka sa loob ng interface ng Google Translate.

Ipinagbibigay-alam namin sa iyo na ang serbisyo ng Google Translate ay hindi 100% tumpak, at hindi maaaring asahan para sa tumpak na pagsasaling-wika ng legal na impormasyon. Kung mayroon kang masalimuot na problema na hindi nasagot sa dokumentong ito, pinakamainam na pumunta ka sa isang sentro para sa pagpapayo nang harapan o tumawag sa Acas helpline sa 0300 123 1100 na bukas mula 8am-6pm, Lunes hanggang Biyernes at maaaring magbigay sa iyo ng tulong sa anumang wika. Makikita sa ibaba ang isang interactive na mapa at listahan ng mga sentro na nagbibigay ng payo, kabilang ang

MAYOR OF LONDON

impormasyon tungkol sa kung nag-aalok o hindi ang mga sentro ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika. Kung hindi nag-aalok ang iyong lokal na sentro ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika, ikatutuwa ng karamihan kung magdala ka ng isang kaibigan o kapamilya na maaaring magsalin para sa iyo.

Ano ang mga karapatan sa pagtatrabaho?

Sa UK, mayroong mga batas na ginawa ang gobyerno na nagpoprotekta sa iyo sa trabaho. Ang tawag sa mga ito ay **statutory employment rights o mga karapatan sa trabaho na ayon sa batas**. Maaari kang bigyan ng karagdagang mga karapatan ng taong pinagtatrabahuhan mo bilang bahagi ng iyong kontrata o kasunduan. Ang tawag sa mga ito ay **contractual employment rights o mga karapatan sa pagtatrabaho na ayon sa kontrata**.

Mayroon ba akong mga karapatan sa pagtatrabaho?

Ang lahat ng nagtatrabaho sa UK ay mayroong ilang karapatan sa pagtatrabaho. Hindi mahalaga kung saan ka nagmula o anong trabaho ang ginagawa mo.

Ang mga karapatan ayon sa kontrata na mayroon ka ay dapat nakasulat sa iyong kontrata (kung mayroon ka nito). Ang bilang ng mga karapatan na ayon sa batas na mayroon ka ay nakasalalay sa isang bagay na tinatawag na iyong **employment**

MAYOR OF LONDON

status o katayuan sa pagtatrabaho. Ito ay napagpapasyahan ng uri ng kasunduan o kontrata na mayroon ka sa taong pinagtatrabahuhan mo.

Nag-aalala ako na wala akong mga karapatan sa pagtatrabaho dahil sa aking katayuan sa imigrasyon

Maaaring maapektuhan ng iyong katayuan sa imigrasyon ang iyong mga karapatan sa pagtatrabaho.

Kung kailangan mo ng payo sa iyong katayuan sa imigrasyon, gumawa kami ng isang **[interactive na mapa at listahan ng mga serbisyo sa imigrasyon at pagpapayo.](#)**

Kung wala kang matatakbuhanang pondong pampubliko o *'no recourse to public funds'* (NRPF) at kailangang makakuha ng tulong pinansyal at suporta sa pabahay, **[ang NRPF na network tool](#)** ay makakatulong sa iyong tingnan kung anong suporta ang maaari mong makuha mula sa gobyerno.

Kung ikaw ay isang Mamamayan ng EU (EU Citizen) at kailangan ng payo sa pananatili sa UK matapos ang Brexit, bisitahin ang **[EU Londoners Hub](#)** ng Alkalde.

Ano ang aking katayuan sa pagtatrabaho?

Ang tatlong pangunahing uri ng katayuan sa pagtatrabaho ay:

MAYOR OF LONDON

1. Employee o Empleyado
2. Worker o Trabahador
3. Self-employed

Maaaring labis na mahirap tukuyin kung ano ang iyong katayuan sa pagtatrabaho – ngunit mahalagang malaman ito para nauunawaan mo kung anong mga karapatan ang mayroon ka.

Maaari mong tukuyin kung ano ang iyong katayuan sa pagtatrabaho sa [website ng Trades Union Congress \(TUC\)](#). Mababasa ito sa 13 magkakaibang wika.

Ang [Work Rights Centre](#) ay mayroon ding tool para matulungan kang tukuyin kung ano ang iyong katayuan sa pagtatrabaho at anong mga karapatan ang mayroon ka.

Ano ang mga karapatan ko?

Nagtipon kami ng maraming kapaki-pakinabang na impormasyon sa isang buong hanay ng iba't ibang karapatan sa pagtatrabaho kabilang ang:

- **Tinatrato nang pantay** – diskriminasyon at harassment, proteksyon para sa mga

MAYOR OF LONDON

whistleblower, karapatang sumali sa isang trade union, modern slavery o makabagong pang-aalipin

- **Mga karapatan kapag nawalan ka ng trabaho** - redundancy pay, proteksyon mula sa hindi makatarungang pagtatanggal sa trabaho, mga panahon ng pag-aabiso at bayad, TUPE (Transfer of Undertakings (Protection of Employment)).
- **Sahod at mga pensyon** - Pambansang Minimum na Sahod o Sahod para Mabuhay, mga hindi ayon sa batas na pagkakaltas mula sa iyong sahod, itemised na payslip, pensyon sa lugar ng trabaho
- **Mga karapatan para sa mga kapamilya at magulang** - maternity leave at pay, paternity leave at pay, shared parental leave at pay, adoption leave at pay
- **Mga oras at kondisyon ng pagtatrabaho** – mga pahinga sa trabaho, kalusugan at kaligtasan, karapatang humiling ng pleksibleng pagtatrabaho, mga oras ng pagtatrabaho
- **Pahinga mula sa trabaho** - sick leave at pay, taunang leave o holiday pay, hindi pagpasok sa trabaho dahil sa mga emerhensya

Paano ko lulutasin ang isang problema sa trabaho?

MAYOR OF LONDON

Kung mayroon kang problema sa trabaho, marami kang maaaring gawin para subukang lutasin ito sa iyong sarili. Ang ilan sa mga bagay na magagawa mo ay may mga istriktong limitasyon sa oras, kaya mahalagang kumilos kaagad.

May ilang magandang payo ang Citizens Advice sa kanilang website tungkol sa mga hakbang na maaari mong isagawa para lutasin ang mga problema sa trabaho.

Isa sa pinakamagandang paraan para makakuha ng tulong sa paglutas ng isang problema sa trabaho ay ang pagsali sa Trade Union. Sa pangkalahatan, hindi nakakatulong ang mga unyon sa problema na naganap bago ka sumali. **Hanapin ang tamang unyon para sa iyo.**

Kung nahihirapan kang lutasin ang problema nang mag-isa, maraming mga lugar kung saan maaari kang makakuha ng karagdagang tulong.

Bago ka makipag-ugnay sa sinuman para sa suporta, mahalagang ihanda ang maraming impormasyon hangga't maaari. Makakatulong kung i-print mo ang impormasyong ito, kung kaya mo. Maaari mong gawin ito sa iyong lokal na library. Kabilang sa mga bagay na maaaring kailanganin mo:

MAYOR OF LONDON

- isang paglalarawan ng problema mo
- isang detalyadong timeline ng naranasan mong diskriminasyon at harassment
- kopya ng iyong kontrata sa pagtatrabaho (kung mayroon ka nito)
- kopya ng anumang kamakailang mga pay slip (kung mayroon ka ng mga ito)
- kopya ng anumang mga sulat o email sa pagitan mo at ng taong pinagtatrabahuhan mo na nauugnay sa problema mo
- detalye ng anumang mga pag-uusap tungkol sa naging problema mo sa taong pinagtatrabahuhan mo

Saan ako makakakuha ng pangkalahatang payo tungkol sa mga karapatan sa pagtatrabaho?

Sa telepono o sa pamamagitan ng email

- kung nais mo ng higit pang pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga karapatan sa pagtatrabaho, maaari mong tawagan ang Acas helpline sa **0300 123 1100**. Bukas ito mula 8am-6pm,

MAYOR OF LONDON

Lunes hanggang Biyernes, at makakapagbigay sa iyo ng tulong sa anumang wika. Kung mayroon kang kapansanan sa pagdinig o pananalita, maaari mong gamitin ang kanilang serbisyong Text Relay sa **18001 0300 123 1100**. Maaari din nilang matulungan kang lutasin ang problema sa taong pinagtatrabahuhan mo. Ang tawag dito ay pamamagitan o mediation.

- Kung may kapansanan ka at nais ng payo tungkol sa iyong mga karapatan sa pagtatrabaho, maaari kang makipag-ugnay sa Disability Law Service (DLS) sa **0207 791 9800** o sa email advice@dls.org.uk.
- Ang Working Families ay isang pambansang kawanggawa na nagbibigay ng libreng payo para sa mga magulang at tagapag-alaga. Maaari kang [pumunta sa kanilang website para sa higit na impormasyon](#), mag-email sa kanilang libreng helpline advice@workingfamilies.org.uk (nilalayon nilang tumugon sa loob ng limang araw ng trabaho) o tumawag sa **0300 012 0312** (kasalukuyang bukas

MAYOR OF LONDON

nang Lunes 3pm - 5pm, Martes at Huwebes 12pm - 2pm)

- Kung kasapi ka ng isang Trade Union, maaari kang makipag-ugnay nang direkta sa kanila para sa payo
- Kung kailangan mo ng mga esepsyalistang serbisyong pansuporta sa telepono o email na nauugnay sa isang partikular na isyu, halimbawa, diskriminasyon, makikita mo ang mga link sa ibaba sa seksyon na nauugnay sa isyung iyon.

Harap-harapang pagpapayo

Gumawa kami ng [mapa ng mga sentro para sa pagpapayo sa London](#) para matulungan kang malaman kung saan ka maaaring bumisita para makakuha ng tulong sa mga karapatan ng mga part-time na manggagawa. Ibinigay din namin [ang kanilang mga detalye sa isang listahan](#). Marami sa kanila ang nagbibigay din ng payo sa telepono o sa pamamagitan ng email, at ang ilan ay nag-aalok ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika. Kung hindi nagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika ang iyong lokal na sentro, ikatutuwa ng karamihan na magdala ka ng isang kaibigan o kapamilya na maaaring magsalin para sa iyo.

MAYOR OF LONDON

Mahalagang tandaan na ang ilang mga lugar ay maaari lamang makatulong sa iyo:

- sa ilang mga bagay tulad ng pangkalahatang payo o pagsagot sa mga form
- kung nakatira o nagtatrabaho ka nang malapit sa kanila (hal. maaaring dapat nakatira ka sa parehong distrito)
- kung nagmumula ka sa ilang mga bansa o background (hal. nagmumula ka sa Silangan o Gitnang Europa)
- kung hindi gaano ang kinikita mo o hirap ka sa pera
- kung tinawagan mo muna sila para magpa-appointment

Tiyaking binasa mo ang mga detalye sa aming listahan ng mga sentro bago ka bumisita upang mahanap mo ang tamang lugar na makakatulong sa iyong problema.

Ano ang ginagawa ng Alkalde para gawing mas magandang lugar ang London para magtrabaho?

MAYOR OF LONDON

Ipinangako ng Alkalde na gagawing mas patas na lungsod ang London kapag siya ay nahalal, at ang malaking bahagi nito ay ang pagtitiyak na ang lahat ng nagtatrabaho sa London ay tinatrato nang mabuti ng taong pinagtatrabahuhan nila.

Hinihiling ng Alkalde na mag-sign up ang mga negosyo at kumpanya sa London sa **Mabuting Pamantayan sa Trabaho o Good Work Standard** na nag-aatas sa kanilang ipangako na tatraturhin nang pantay ang mga taong nagtatrabaho para sa kanila.

Gusto rin niyang malaman ng lahat ng taong nagtatrabaho sa London ang kanilang mga karapatan sa pagtatrabaho para alam nila kung kailan sila ay hindi tinatrato nang mabuti. Kung sila ay tinatrato nang hindi makatarungan, nais ng Alkalde na sabihan ang mga tao kung saan sila makakakuha ng tulong at suporta para may magawa sila tungkol dito.

Coronavirus at mga karapatan sa trabaho

Kung ang iyong trabaho o kita ay naapektuhan ng coronavirus, mahalagang alam mo ang iyong mga karapatan sa trabaho. Kung kinailangan mong magpahinga mula sa trabaho, nabawasan ang iyong mga oras o nawalan ka ng trabaho, maaaring karapat-

MAYOR OF LONDON

dapat ka sa mga karapatan sa trabaho o iba pang suporta na makakatulong sa iyo na malampasan ito.

Ang mga karapatan sa trabaho na mayroon ka ay nakasalalay sa iyong katayuan sa trabaho. Una, mahalagang **tukuyin ang iyong katayuan sa trabaho** para maunawaan mo kung anong mga karapatan ang mayroon ka.

Ang impormasyon sa dokumentong ito ay tama nitong ika-13 ng Mayo 2020. Pakitingnan ang [website ng gobyerno](#) para sa pinakakamakailang impormasyon.

Kung nag-aalala ka tungkol sa pagiging ligtas sa trabaho

Ipinapayo ng Gobyerno na dapat kang magtrabaho mula sa bahay maliban na lang kung imposible para sa iyo ang gawin ito, at dapat gawin ng pinagtatrabahuhan mo ang lahat ng kanilang makakaya para matulungan kang magtrabaho mula sa bahay.

Kung imposible para sa iyo ang magtrabaho mula sa bahay – halimbawa, kung ikaw ay nagtatrabaho sa konstruksyon o manufacturing – aktibong iminumungkahi ng gobyerno na ika'y pumasok sa trabaho. Dapat gawin ng pinagtatrabahuhan mo ang lahat ng kanilang makakaya para tiyaking ligtas ka sa trabaho, kabilang ang mga hakbang para mapahintulutan kang magsagawa ng pagdidistansya sa ibang tao. Gumawa ang gobyerno ng **patnubay para sa mga tagapag-empleyo** para matulungan silang maprotektahan ang mga tao na nagtatrabaho para sa

MAYOR OF LONDON

kanila at gawing 'ligtas mula sa Covid-19' ang kanilang lugar ng trabaho.

Kung pinapapasok ka sa trabaho at sa tingin mo pwede ka namang magtrabaho mula sa bahay, o pakiramdam mo hindi ligtas na nandun ka sa inyong lugar ng trabaho, o hindi ka makakapagtrabaho sa mga normal na oras mo dahil mayroon kang mga responsibilidad sa pag-aalaga, mahalagang kausapin mo ang pinagtatrabahuhan mo. Dapat makinig sila sa iyong mga alalahanin. **Gumawa ng ilang patnubay ang TUC sa kung ano ang maaari mong gawin kung pakiramdam mo hindi ligtas ang inyong lugar ng trabaho.**

Ang ilang tao ay **pinayuhan ng gobyerno na magsagawa** ng mga karagdagang hakbang para maiwasang makuha ang virus. Kilala ito bilang shielding. Kung ikaw ay nagsasagawa ng shielding ayon sa payo ng gobyerno, o kailangang manatili sa bahay kasama ang isang taong nagsasagawa ng shielding, hindi ka dapat papasukin sa trabaho ng pinagtatrabahuhan mo. Sa halos lahat ng kaso, dapat ka pa ring bayaran ng pinagtatrabahuhan mo. Tingnan ang aming patnubay sa **kung anong bayad ang karapat-dapat mong matanggap kung ikaw ay may sakit o nagsasagawa ng shielding.**

Maaaring hindi ayon sa batas na diskriminasyon kung wala sa katuwirang sinusubukang i-presyurka ng pinagtatrabahuhan mo na pumasok sa trabaho habang ikaw ay buntis, lampas 70 taong gulang o may kondisyon sa kalusugan na itinuturing na kapansanan sa ilalim ng Batas sa Pagkakapantay-pantay (Equality Act). **May ilang patnubay ang ACAS tungkol dito.**

MAYOR OF LONDON

Maaaring kailanganin mong sabihin sa pinagtatrabahuan mo o sa ibang tao ang tungkol sa isang bagay na hindi maganda na nangyayari sa trabaho, halimbawa, kung ang inyong lugar ng trabaho ay hindi ligtas. Ang tawag dito ay whistleblowing. Kung ginawa mo ito, hindi ka dapat tratuhin nang hindi makatuwiran o tanggalin ng taong pinagtatrabahuan mo. **Tingnan ang aming patnubay sa proteksyon para sa mga whistleblower.**

Hindi ka maaaring piliting magtrabaho ng taong pinagtatrabahuan mo sa pamamagitan ng pananakit o pagbabanta sa iyo. Kung ayaw mo nang magtrabaho para sa kanila, dapat pahintulutan ka nilang umalis. Ang tawag dito ay Modern Slavery o Makabagong Pang-aalipin. Nagbigay ang gobyerno ng **patnubay sa Makabagong Pang-aalipin at coronavirus**, na may kasamang payo kung ikaw ay nagtatrabaho bilang kasambahay o tagapag-alaga na nakatira kasama ang iyong tagapag-empleyo. **Tingnan ang aming patnubay sa kung ano ang gagawin kung nakakaranas ka ng Makabagong Pang-aalipin.**

Kung kailangan mo ng pahinga mula sa trabaho dahil sa coronavirus

MAYOR OF LONDON

Kung ikaw ay **pinayuhan ng gobyerno na mag-self-isolate** dahil may sakit ka, o kailangan mong samahan ang isang taong may sakit, at hindi ka makakapagtrabaho mula sa bahay, sinasabi ng Gobyerno na dapat kang makatanggap ng bayad sa pagkakasakit (sick pay) sa karamihan ng mga kaso.

Hindi lahat ng tao ay kwalipikadong makatanggap ng bayad sa pagkakasakit (sick pay). **Tingnan kung kwalipikado ka para sa bayad sa pagkakasakit (sick pay).**

Kung hindi ka kwalipikadong makatanggap ng bayad sa pagkakasakit (sick pay) dahil hindi sapat ang kinikita mo, maaari kang mag-apply para sa **mga benepisyo kabilang ang Universal Credit.**

Kung ikaw ay nagsasagawa ng shielding o kailangan mong manatili sa bahay kasama ang isang tao na nagsasagawa ng shielding, maaari ka ring makatanggap ng bayad sa pagkakasakit (sick pay). Kung pareho kayong sumang-ayon ng pinagtatrabahuhan mo, maaari sa halip na ilagay ka ng iyong tagapag-empleyo sa furlough' (pahintulot na mag-leave ka) at bayaran ka sa pamamagitan ng Plano para sa Pagpapanatili ng Trabaho sa Panahon ng Coronavirus (Coronavirus Job Retention Scheme). **Tingnan kung maaari kang masaklaw ng Plano para sa Pagpapanatili ng Trabaho sa Panahon ng Coronavirus (Coronavirus Job Retention Scheme).** Maaari mong talakayin ito sa pinagtatrabahuhan mo. Ang Plano para sa Pagpapanatili ng Trabaho sa Panahon ng Coronavirus (Coronavirus Job Retention Scheme) ay tatakbo

MAYOR OF LONDON

hanggang katapusan ng Oktubre 2020 at walang magiging mga pagbabago sa proseso nito hanggang sa katapusan ng Hulyo. [Tingnan ang website ng gobyerno para sa pinakakamakailang impormasyon.](#)

Kung hindi ka kwalipikado para sa bayad sa pagkakasakit (sick pay) dahil ikaw ay self-employed, maaaring kwalipikado ka para sa [Plano na Suporta sa Kita ng mga Self-Employed \(Self-Employed Income Support Scheme\)](#) ng gobyerno. Kung nagtatrabaho ka para sa isang kompanya ngunit ang katayuan mo ay self-employed, maaaring may sariling plano para sa bayad sa pagkakasakit (sick pay) ang iyong pinagtatrabahuhang kompanya. Maaaring may mga limitasyon sa gaano katagal ang makukuha mong bayad sa pagkakasakit (sick pay) sa ilalim ng plano ng inyong kompanya.

Kung may kondisyon ka sa imigrasyon na No Recourse to Public Funds, hindi ka pinagbabawalan mula sa pag-access ng bayad sa pagkakasakit (sick pay) at ng Plano na Suporta sa Kita ng mga Self-Employed (Self-Employed Income Support Scheme) ng Gobyerno. Kung hindi ka maaaring makakuha ng tulong mula sa mga pondo ng publiko, makakakita ka ng higit na impormasyon tungkol sa mga benepisyong may karapatan ka sa [website ng NRPF Network.](#)

Kung ika'y buntis, maaaring nasa mas mataas na panganib ka at dapat lumabas ng bahay para lang sa mga labis na mahalagang dahilan. [Bisitahin ang Maternity Action](#) para sa patnubay sa iyong mga

MAYOR OF LONDON

karapatan sa trabaho kung ikaw ay nagse-self-isolate habang buntis.

Kung absent ka mula sa trabaho dahil ikaw ay nagse-self-isolate alinsunod sa payo ng gobyerno, sa karamihan ng kalagayan, maaari kang makakuha ng 'mensahe tungkol sa isolation' mula sa [NHS 111 online](#). Hindi mo kailangang pumunta sa doktor.

Kung nawalan ka ng trabaho dahil sa coronavirus

Ang ilang mga negosyo, kabilang ang mga pub, restaurant at ilang tindahan, ay inatasang magsara para mahinto ang pagkalat ng coronavirus, at ang iba ay nahihirapan sa pinansyal. Kung ang pinagtatrabahuan mo ay wala na masyadong trabaho na ipapagawa sa iyo, maaari nilang hilingin sa iyo na hindi ka na pumasok sa trabaho.

Kung pareho kayong sumang-ayon ng pinagtatrabahuan mo, maaari kang panatilihin sa payroll ng iyong tagapag-empleyo kung hindi na sila makapagpaandar ng negosyo o wala na silang trabahong ipapagawa sa iyo dahil sa coronavirus. Ang tawag dito ay 'naka-furlough'. [Tingnan kung maaari kang masaklaw ng Plano para sa Pagpapanatili ng Trabaho sa Panahon ng Coronavirus \(Coronavirus Job Retention Scheme\)](#). Tatakbo ang Plano para sa Pagpapanatili ng Trabaho sa Panahon ng Coronavirus (Coronavirus Job Retention Scheme) hanggang katapusan ng Oktubre 2020 at walang magiging mga pagbabago sa proseso nito hanggang sa katapusan ng Hulyo. [Tingnan ang website ng gobyerno para sa](#)

MAYOR OF LONDON

pinakakamakailang impormasyon. May **patnubay ang TUC** tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng Plano para sa Pagpapanatili ng Trabaho sa Panahon ng Coronavirus (Coronavirus Job Retention Scheme). Maaari kang masaklaw ng Plano para sa Pagpapanatili ng Trabaho sa Panahon ng Coronavirus (Coronavirus Job Retention Scheme) kung mayroon kang anumang uri ng kontrata, halimbawa, kung ikaw ay isang manggagawa sa ahensya o kung ikaw ay nasa ilalim ng 0 na oras na kontrata.

Kung nawalan ka ng trabaho at hindi ka nasasaklaw ng Plano para sa Pagpapanatili ng Trabaho sa Panahon ng Coronavirus (Coronavirus Job Retention Scheme), may ilang patnubay ang **Citizens Advice** sa kung ano ang maaari mong gawin.

Kung nabawasan ang oras ng trabaho mo o ang iyong sahod dahil sa coronavirus, bisitahin ang **Money Advice Service**

Kung self-employed ka at nawalan ka ng negosyo dahil sa coronavirus, maaaring kwalipikado ka para sa **Plano na Suporta sa Kita ng mga Self-Employed (Self-Employed Income Support Scheme)** ng gobyerno.

Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong kita at kailangan ng pera kaagad, maaari ka ring makakuha ng **mga benepisyo kabilang ang Universal Credit**. Maaaring mayroon ding mga planong suportang pinansyal ang iyong lokal na Konseho para matulungan ka.

Kung mayroon ka ng kondisyon sa imigrasyon na No Recourse to Public Funds, maaaring kailangan mo

MAYOR OF LONDON

ng patnubay bago ka makapag-access sa suporta sa kapakanan (welfare support). Makikita mo ang higit na impormasyon sa [factsheet ng mga NRPF Network](#).

Kung nag-aalaga ka ng mga bata o ibang tao

Bilang resulta ng mga pagsasara ng paaralan at nursery, maaaring kinailangan mong mag-alaga ng mga bata o iba pang kamag-anak at sa gayon ay hindi makakapagtrabaho.

Kung ikaw ay empleyado at mayroon kang mga anak, dapat kang pahintulutan ng pinagtatrabahuhan mo na magpahinga mula sa trabaho sa isang partikular na tagal nang walang bayad para alagaan ang mga ito. Tinatawag itong [unpaid parental leave o hindi bayad na parental leave](#).

Kung hindi ka makapagtrabaho dahil kailangan mong mag-alaga ng mga bata, maaaring kwalipikado ka para sa [Plano sa Pagpapanatili ng Trabaho sa Panahon ng Coronavirus \(Coronavirus Job Retention Scheme\)](#). Maaari mong talakayin ito sa iyong tagapag-employo.

Ang [Working Families](#) ay may patnubay tungkol sa iyong mga karapatan na humingi ng leave para mag-alaga ng ibang tao.

Kung kailangan ninyo ng higit na payo

MAYOR OF LONDON

Ang karamihan sa mga sentro ng pagpapayo sa London ay hindi na nag-aalok ng harap-harapang pagpapayo. Ang ilan ay maaaring magbigay sa iyo ng payo sa pamamagitan ng telepono o sa internet. [**Narito ang isang interaktibong mapa**](#) ng mga sentro ng pagpapayo sa London. [**Ibinigay din namin ang mga detalye nila sa isang listahan.**](#) Tingnan ang website ng bawat sentro ng pagpapayo para sa mga detalye kung maaari silang mag-alok ng payo sa telepono.

Kung kailangan mong talakayin ang isang problema sa trabaho, tawagan ang helpline ng [**ACAS**](#) sa 0300 123 1100.

May mga espesyalistang organisasyon na maaaring magbigay ng iniangkop na suporta para sa mga naninirahan sa London na hindi taga-UK. Maaaring magbigay ng suporta sa pamamagitan ng telepono sa iba't ibang wika ang [**United Voices of the World**](#), ang [**Work Rights Centre**](#), ang [**East European Resource Centre**](#) at ang [**Latin American Women's Rights Service**](#). Mayroon din kaming [**page para sa suporta para sa mga hindi taga-UK**](#) na may higit na payo at patnubay.

Kung kinailangan mong magpahinga mula sa trabaho dahil sa paglaganap ng COVID-19 o nagresulta ito sa pagbaba ng iyong kita, maaari itong labis na nakaka-stress. Bilang resulta, maaaring makaranas ka ng higit na pagkabalisa, hindi magandang mood o depression. May [**mga sanggunian at suporta**](#) na makukuha sa pamamagitan ng Thrive London na maaaring makatulong.

MAYOR OF LONDON

Kung bumaba ang iyong kita sa panahon ng paglaganap ng COVID-19, pag-isipang magkumpleto ng isang form sa badyet. Ang kawanggawang Money and Mental Health ay [gumawa ng form](#) na nagpapahintulot sa iyo na ilista ang lahat ng pumapasok at lumalabas sa iyo upang mas maunawaan kung paano ka maaapektuhan ng pagbaba ng iyong kita.

Mayroon din silang higit na [suporta at patnubay](#) sa pangkaisipang kalusugan at pera sa panahon ng pandemyang coronavirus.

Kung kailangan mo ng higit na tulong sa pag-unawa at pagtugon sa mga pagbabago sa iyong kita, ang Policy in Practice ay may [listahan ng mga Madalas Itanong at isang online na chatroom](#).

Ang TUC ay may serye ng [mga webinar](#) na nagtatalakay sa mga isyu tungkol sa coronavirus at trabaho.

Tinatrato nang patas

May ilang mga karapatan na nagtitiyak na ikaw ay tinatrato nang patas sa lugar ng iyong trabaho.

Mahalagang tandaan na ang ilan sa mga karapatang ito ay naaangkop lang sa mga taong may partikular na

MAYOR OF LONDON

katayuan sa pagtatrabaho (tulad ng **empleyado**, o a **trabahador/manggagawa**).

Patas na pagtrato

Diskriminasyon at harassment

Hindi ka maaaring tratuhin nang iba ng taong pinagtatrabahuhan mo dahil:

- sa iyong edad
- mayroon kang kapansanan
- transsexual ka
- kasal ka o mayroon kang civil partner
- buntis ka o nakabakasyon ka dahil nanganak ka kamakailan
- sa iyong lahi, kabilang ang iyong kulay, nasyonalidad, o etnikong/bansang pinagmulan
- sa iyong relihiyon, paniniwala o kawalan ng relihiyon/paniniwala
- sa iyong kasarian
- sa iyong oryentasyong sekswal

MAYOR OF LONDON

Kung tinrato ka nang naiiba, maaaring nilalabag nila ang batas. Ang tawag dito ay **diskriminasyon**. Hindi ka rin nila maaaring gawing naaasiwa, natatakot, parang hindi nire respeto o hindi rin sila maaaring gumawa ng isang kapaligaran na laban sa iyo batay sa nakasaad sa itaas. Ang tawag dito ay **harassment**.

Kabilang dito ang **sexual harassment**, na anumang pagkilos na sekswal na kung saan ikaw ay naaasiwa, natatakot, nakakaramdam na hindi iginagalang, o ang paggawa ng isang kapaligirang laban sa iyo.

Ang mga **empleado** at **trabahador/manggagawa** ay protektado mula sa diskriminasyon at harassment. Maaari ka ring maprotektahan kung ikaw ay self-employed.

Sa tingin ko, mayroon akong problema na nauugnay sa diskriminasyon o harassment

May higit pang detalyadong impormasyon tungkol sa diskriminasyon at harassment sa website ng **Equality and Human Rights Commission (EHRC)**.

Mayroon ding **isang tool sa pagtiyak** sa website ng Citizens Advice na makakatulong sa iyo na malaman kung ikaw ay tinatrato nang naiiba.

MAYOR OF LONDON

Ang iyong mga karapatan kung nagtatrabaho ka nang part-time

Part-time na pagtatrabaho

Kadalasan, hindi ka maaaring tratuhin nang naiiba ng taong pinagtatrabahuhan mo kung nagtatrabaho ka para sa kanila nang part-time. Dapat ka nilang bigyan ng mga karapatan na tulad sa isang tao na nagtatrabaho para sa kanila nang full-time.

Ang mga karapatan sa pagtatrabaho nang part-time ay para sa **mga empleyado** at **trabahador/manggagawa** lang.

Sa tingin ko, ako ay tinatrato nang naiiba dahil ako ay nagtatrabaho nang part-time:

May higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga part-time na trabahador/manggagawa sa [website ng gobyerno](#).

Pag-uulat ng isang bagay na hindi maganda sa trabaho

Proteksyon para sa mga whistleblower

Minsan maaaring kailanganin mong sabihin sa taong pinagtatrabahuhan mo o sa ibang tao ang tungkol sa

MAYOR OF LONDON

isang bagay na hindi maganda na nagaganap sa trabaho na maaaring makaapekto sa maraming tao o sa pangkalahatang publiko. Ang tawag dito ay **whistleblowing**.

Kung ginawa mo ito, hindi ka dapat tratuhin nang hindi makatuwiran o tanggalin ng taong pinagtatrabahuhan mo.

Ang mga karapatan ng whistleblower ay para sa **mga empleyado** at **trabahador/manggagawa** lang.

Sa tingin ko hindi ako tinrato nang makatuwiran dahil sa whistleblowing

May higit pang impormasyon tungkol sa proteksyon para sa mga whistleblower sa **Protect website**. Sila ay isang kawanggawa na nagbibigay ng kumpidensyal na suporta at pagpapayo sa mga whistleblower.

Proteksyon mula sa karahasan, mga pagbabanta o nangongontrol na pag-uugali

Modern Slavery o Makabagong Pang-aalipin

Hindi ka maaaring piliting magtrabaho ng taong pinagtatrabahuhan mo sa pamamagitan ng pananakit o pagbabanta sa iyo. Kung ayaw mong magtrabaho para sa kanila, dapat ka nilang hayaang umalis. Kung hindi,

MAYOR OF LONDON

maaaring nilalabag nila ang batas. Ang tawag dito ay **Makabagong Pang-aalipin**.

Ang makabagong pang-aalipin ay isang pagkakasala sa batas. Nangangahulugan ito na **protektado lahat** hindi alintana ang kanilang katayuan sa pagtatrabaho o katayuan sa imigrasyon.

Paano ko makikita ang mga senyales ng Makabagong Pang-aalipin?

May higit pang impormasyon tungkol sa mga senyales ng Makabagong Pang-aalipin sa [website ng Modern Slavery Helpline](#) na pinamamahalaan ng kawangawang Unseen.

Mayroon ding higit na kapaki-pakinabang na impormasyon sa [website ng Metropolitan Police](#).

Paano ko i-uulat ang Makabagong Pang-aalipin?

Kung nag-aalala ka kung ikaw o isang taong kakilala mo ay biktima ng Makabagong Pang-aalipin, may maraming iba't ibang paraan ng pag-uulat nito:

- maaari mong tawagan ang Modern Slavery Helpline sa 08000 121 700 para sa payo. Hindi mo kailangang sabihin sa kanila ang pangalan mo. BukGood Work Standard as ito 24 na oras sa isang

MAYOR OF LONDON

araw, 365 araw sa isang taon. May higit pang impormasyon sa [website ng Modern Slavery Helpline](#) tungkol sa ibang paraan kung paano ka maaaring makakuha ng tulong o payo:

- maaari mong i-ulat ang Makabagong Pang-aalipin sa Metropolitan Police sa pamamagitan ng pagtawag sa 101 o paggamit ng [kanilang online form](#).
- kung may kaugnayan ito sa industriya ng mga sariwang produce, kontakin ang [Gangmasters and Labour Abuse Authority](#).
- kung ito ay isang emerhensya o may nagaganap na krimen, tumawag sa **999**.
- maaari mong i-ulat ang Makabagong Pang-aalipin nang hindi ka makikilala sa pamamagitan ng pagtawag sa Crimestoppers sa **0800 555 111**.

Pagiging kasapi ng Trade Union

Ang karapatang sumali sa Trade Union

Hindi ka maaaring tratuhin nang iba ng taong pinagtatrabahuhan mo kung ikaw ay kasapi ng Trade Union o nais mong sumali sa isang Trade Union. Hindi mahalaga kung aling Unyon ka miyembro.

MAYOR OF LONDON

Ang karapatang sumali sa Trade Union ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahador/manggagawa** lang.

Ano ang mga Trade Union?

Ang Trade Union ay isang organisasyon na binubuo ng mga trabahador/manggagawa na nakakatulong na tratuhin kang mas mabuti ng mga taong pinagtatrabahuhan mo. Kung maging kasapi ka ng Trade Union, maaari ka nilang matulungan kung may problema ka sa trabaho. Mahalagang tandaan na hindi ka nila matutulungan sa isang problema mo bago ka sumali sa unyon, matutulungan ka lang nila sa mga bagong problema na naganap pagkatapos mong sumali sa Trade Union. Kung hindi ka gaanong kumikita ng pera, hindi mo kailangang magbayad nang malaki para sumali sa Trade Union.

May higit pang pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga Trade Union sa **[website ng Trades Union Congress \(TUC\)](#)**.

Kung interesado kang sumali sa Trade Union, subukang gamitin ang **[online tool ng TUC](#)** para maghanap ng unyon.

Sa tingin ko tinrato ako nang naiiba dahil ako ay isang miyembro ng Trade Union

MAYOR OF LONDON

May higit pang impormasyon tungkol sa iyong karapatang sumali sa Trade Union sa [website ng gobyerno.](#)

Saan ako makakakuha ng payo ng espesyalista tungkol sa pagkakaroon ng makatuwiran at patas na pagtrato?

Sa telepono o sa pamamagitan ng email

- kung nais mong makakuha ng tulong o payo tungkol sa discrimination o diskriminasyon o harassment, maaari kang tumawag sa Equality Advisory and Support Service (EASS) sa **0808 800 0082** o textphone **0808 800 0084**.
- kung tumatanggap ka ng mga benepisyo o mababang kita at nais ng payo tungkol sa diskriminasyon, maaari mong tawagan ang Community Legal Advice sa **0345 345 4345**.
- kung sa tingin mo na ikaw ay hindi natrato nang makatuwiran dahil ikaw o ang iyong partner ay nagkaroon ng anak o nag-ampon ng bata, maaari kang tumawag sa Maternity Action sa **0808 802 0029**.
- kung ikaw ay may kapansanan at nais ng payo tungkol sa iyong mga karapatan sa pagtatrabaho, maaari mong kontakin ang

MAYOR OF LONDON

Disability Law Service (DLS) sa **0207 791 9800** o sa email [**advice@dls.org.uk**](mailto:advice@dls.org.uk).

- kung nais mo ng payo tungkol sa proteksyon para sa mga whistleblower, maaari mong tawagan ang kawanggawang Protect sa **020 3117 2520**. Hindi mo kailangang sabihin sa kanila ang pangalan mo. Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa Protect [**sa kanilang website**](#) kabilang ang ibang paraan para makipag-ugnay sa kanila.
- kung ikaw ay kasapi ng Trade Union, maaari kang makipag-ugnay nang direkta sa kanila para sa payo.
- kung ikaw ay babae at nais ng payo tungkol sa batas sa sexual harassment, maaari kang makipag-ugnay sa libreng linya ng legal na pagpapayo ng Rights of Women Sexual Harassment sa **020 7490 0152**.

Sahod at mga pensyon

May ilang mga karapatan na nagtitiyak na binabayaran ka ng iyong tagapag-empleyo ng tamang halaga ng pera para sa trabahong gingagawa mo, at tinutulungan kang mag-ipon para sa iyong pagreretiro.

Mahalagang tandaan na ilan sa mga karapatang ito ay naaangkop lang sa mga taong may partikular na katayuan sa pagtatrabaho (tulad ng **empleyado**, o isang **trabahador/manggagawa**).

Magkano dapat ang bayad sa akin kada oras?

Ang The National Minimum Wage o Pambansang Minimum na Sahod at National Living Wage o Pambansang Sahod para Mabuhay

Kadalasan, dapat kang bayaran ng partikular na halaga ng taong pinagtatrabahuhan mo para sa kada oras na magtrabaho ka.

Ang sahod mo ay mag-iiba depende sa iyong edad. Kung wala ka pang 25 taong gulang, ang tawag dito ay **Pambansang Minimum na Sahod**. Kung lampas ka na sa 25 taong gulang, ang tawag dito ay **Pambansang Sahod para Mabuhay**.

MAYOR OF LONDON

Ang gobyerno ang magdedesisyon sa halagang ito at binabago nila ito kada Abril. **Tingnan ang mga pinakakamakailang rate.**

Ang Pambansang Minimum na Sahod at ang Pambansang Sahod para Mabuhay ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahdor/manggagawa** lang.

Sa tingin ko mas mababa sa Minimum na Sahod o Sahod para Mabuhay ang natatangap ko.

May magandang payo at kapaki-pakinabang na tool sa **website ng My Pay London** para makita kung nakatatanggap ka ng tamang sahod. Ang website ay pinapatakbo ng kawanggawang Legal Action Group.

Kung ikaw ay sumasailalim sa internship, ang halaga ng sahod mo ay depende sa iyong katayuan sa pagtatrabaho. May kapaki-pakinabang na impormasyon sa **website ng gobyerno** tungkol sa mga karapatan na mayroon ka kung ikaw ay isang intern.

Pagtitiyak na tama ang iyong sahod

Unlawful deductions o Mga labag sa batas na pagkaltas

Ang taong pinagtatrabahuan mo ay pinahihintulutan lang na magkaltas sa iyong sahod ng ilang bagay tulad

MAYOR OF LONDON

ng buwis o mga halagang sinang-ayunan mo nung nagsimula kang magtrabaho. Dapat nasa kontrata mo ito (kung mayroon ka nito).

Kung magkaltas sila sa iyong sahod para sa ibang dahilan, o hindi ka nila bayaran man lang, maaaring nilalabag nila ang batas.

Ang tawag dito ay **mga labag sa batas na pagkaltas.**

Ang mga karapatang nagpoprotekta sa iyo laban sa mga pagkaltas na laban sa batas ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahador/manggagawa** lang.

May problema ako na nauugnay sa mga labag sa batas na pagkaltas

May higit na impormasyon sa [website ng gobyerno](#) tungkol sa kung ano ang maaari at hindi maaaring ikaltas mula sa iyong sahod ng iyong tagapag-employo.

Mayroon ding magandang payo at kapaki-pakinabang na tool sa [website ng My Pay London](#) para makita kung ikaw ay nababayaran ng tamang sahod. Ang website ay pinapatakbo ng kawanggawang Legal Action Group.

Ang karapatan sa nakasulat na impormasyon tungkol sa iyong sahod

MAYOR OF LONDON

Itemised Payslips o Naka-itemise na mga payslip o mga pahayag ng sahod

Kung hiniling mo ito, dapat isulat ng taong pinagtatrabahuhan mo kung magkano ang kinita mo mula noong huling sahod na natanggap mo.

Dapat nilang isulat din kung magkano ang kinaltas nila mula sa iyong sahod para sa mga bagay na tulad ng buwis.

Ang tawag dito ay **Naka-itemise na Payslip** o **Itemised Pay Statement** o **Naka-itemise na Pahayag ng Sahod**.

Mula Abril 2019, dapat kasama sa mga payslip ang impormasyon tungkol sa mga oras na trinabaho mo kung saan binayaran ka ng naiibang halaga, halimbawa, kung nabayaran ka ng higit pa dahil sa pag-overtime.

Ang karapatan sa nakasulat na impormasyon tungkol sa iyong sahod ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahador/manggagawa** lang.

May problema ako na nauugnay sa mga naka-itemise na payslip

May higit na impormasyon tungkol sa mga payslip at kung ano ang dapat kabilang sa mga ito sa **[website ng gobyerno](#)**.

Tulong sa gastusin sa pagreretiro

Mga pensyon sa trabaho

Maaaring itabi ang ilang bahagi ng iyong sahod ng taong pinagtatrabahuhan mo sa tuwing ika ay sasahod para may pera kang gagamitin kapag nasa tamang edad ka na para huminto sa pagtatrabaho. Ang tawag dito ay **Pensyon sa Trabaho**.

Ang taong pinagtatrabahuhan mo ay kadalasang kailangang maglagay din ng dagdag na pera sa iyong pensyon sa tuwing sasahod ka.

Kadalasan kailangan nilang bigyan ka ng Workplace Pension o Pensyon sa Trabaho maliban kung sinabihan mo silang hindi gawin ito. Ang tawag dito ay **automatic enrolment o awtomatikong pagtatala**.

Ang mga pensyon sa trabaho ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahador/manggagawa** lang.

May problema ako na nauugnay sa mga pensyon sa trabaho

MAYOR OF LONDON

Maraming magandang pangkalahatang impormasyon sa [website ng gobyerno](#) tungkol sa mga pensyon sa trabaho.

Kung sa tingin mo may problema ka sa mga pensyon sa trabaho, may magandang payo sa [website ng Tagapangasiwa ng mga Pensyon \(Pensions Regulator\)](#) tungkol sa ano ang maaari mong gawin at kanino mo dapat sasabihin. Maaari mo ring [i-ulat ang taong pinagtatrabahuhan mo](#).

Saan ako makakakuha ng payo ng espesyalista tungkol sa mga sahod at pensyon?

Sa telepono o sa pamamagitan ng email

- para sa mga pangkalahatang tanong tungkol sa mga pensyon sa trabaho, maaari mong tawagan ang Linya para sa Impormasyon sa Pensyon sa Trabaho (Workplace Pension Information Line) ng gobyerno sa **0800 731 0372**. Bukas ito mula 8am-6pm, Lunes hanggang Biyernes. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita sa telepono, maaari kang tumawag sa **18001** at sa **0800 731 0372** naman para sa NGT text relay. Ang numero ng textphone ay **0800 731 0392**.
- kung nagkakaroon ka ng problema sa awtomatikong pagtatala o kailangan mo ng payo tungkol sa mga

MAYOR OF LONDON

pensyon sa trabaho, maaari kang tumawag sa Pensions Advisory Service sa **0800 011 3797**. Bukas sila mula 9am-5pm, Lunes hanggang Biyernes. May higit pang impormasyon sa [kanilang website](#) tungkol sa ibang paraan kung paano mo sila makokontak, tulad ng webchat o sa pamamagitan ng koreo

- kung nais mo ng impormasyon o payo tungkol sa kung dapat mong kunin ang iyong pensyon sa trabaho o hindi, maraming makakatulong na impormasyon sa [website ng Money Advice Service](#). May kasama ditong advice tool at calculator

Pagkawala ng iyong trabaho

May ilang karapatan na nagpoprotekta sa iyo kapag tinanggal ka sa trabaho o ginawa kang redundant ng tagapag-empleyo mo.

Mahalagang tandaan na ilan sa mga karapatang ito ay naaangkop lang sa mga taong may partikular na katayuan sa pagtatrabaho (tulad ng **empleyado**, o isang **trabahador/manggagawa**).

Pagkatanggal sa trabaho nang hindi makatuwiran o sapilitang pagpapaalis sa trabaho

Proteksyon mula sa hindi makatuwirang pagtatanggal sa trabaho

Kung tinanggal ka sa trabaho ng iyong tagapag-empleyo, dapat silang magbigay ng magandang dahilan. Kung hindi, maaaring nilalabag nila ang batas.

Ang tawag dito ay **hindi makatuwirang pagtatanggal sa trabaho**.

Hindi ka rin nila maaaring tratuhin nang napakasama para mapilitan kang umalis sa iyong trabaho kung ayaw mo.

MAYOR OF LONDON

Ang tawag dito ay **constructive dismissal** at isa itong uri ng hindi makatuwirang pagtatanggal sa trabaho.

Ang proteksyon mula sa unfair dismissal o hindi makatuwirang pagtatanggal sa trabaho ay para sa **mga empleyado** lang.

Sa tingin ko ako ay tinanggal sa trabaho nang hindi makatuwiran

Maaari mong tiyakin kung ikaw ay hindi makatuwirang tinanggal sa trabaho sa pamamagitan ng **[pagsunod ng mga hakbang sa website ng Citizens Advice](#)**.

Karagdagang pera na maaari mong makuha kung ikaw ay ginawang redundant sa trabaho

Statutory Redundancy Pay

Minsan, ang taong pinagtatrabahuhan mo ay maaaring kailanganing tanggalin ka kung kailangan nilang bawasan ang bilang ng taong nagtatrabaho para sa kanila.

Ang tawag dito ay **being made redundant o ay pagiging redundant**.

MAYOR OF LONDON

Kapag nangyari ito sa iyo, maaaring kailanganing bayaran ka ng taong pinagtatrabahuhan mo ng partikular na halaga batay sa kung gaano ka katagal nagtrabaho para sa kanila.

Ang tawag dito ay **Statutory Redundancy Pay (SRP)**.

Ang Statutory Redundancy Pay ay para sa **mga empleyado** lang. Naaangkop lang ito kung nagtrabaho ka para sa iyong tagapag-empleyo nang dalawang taon o higit pa.

Sa tingin ko may problema ako na nauugnay sa aking redundancy pay

May higit pang pangkalahatang impormasyon tungkol sa redundancy pay [sa website ng gobyerno.](#)

Kung ginawa kang redundant at nais mong malaman kung magkano ang dapat mong makuha, maaari mong subukang gamitin ang [redundancy pay calculator tool](#) ng gobyerno.

Gaano katagal ka maaaring magtrabaho matapos tanggalin sa iyong trabaho o maging redundant

Ang Statutory Notice Period o mga Panahon ng Abiso na Ayon sa Batas at Statutory Redundancy

MAYOR OF LONDON

Notice o Abiso ng Pagiging Redundant na Ayon sa Batas

Kung tinanggal ka sa trabaho o ginawang redundant ng tagapag-empleyo mo, maaaring kailangan nilang magbigay sa iyo ng partikular na tagal ng panahon bago mo kailangang umalis.

Ang tawag dito ay **Panahon ng Abiso na Ayon sa Batas** kung natanggal ka sa trabaho, o **Abiso ng Pagiging Redundant na Ayon sa Batas** kung naging redundant ka.

Ang tagal ng panahon para magbigay ng abiso ay nakasalalay sa kung gaano katagal ka na sa trabaho mo.

Kung mayroon kang kontrata, maaaring sumang-ayon ka sa ibang panahon ng abiso. Ang tawag dito ay **Contractual Notice Period**.

Maaaring kailanganin mong umalis sa trabaho agad-agad kung ikaw ay tinanggal dahil sa paggawa mo ng isang napakasamang bagay. Ang tawag dito ay **gross misconduct**.

Ang mga karapatan tungkol sa mga panahon ng abiso ay para sa **mga empleyado** lang.

Mababayaran pa rin ba ako sa aking panahon ng abiso?

MAYOR OF LONDON

Dapat patuloy na bayaran ka nang normal at nang buong sahod mo ng taong pinagtatrabahuhan mo sa iyong panahon ng abiso.

Minsan, maaari ka nilang paalisin agad-agad ngunit babayaran ka ng lahat ng sahod na kikitain mo sana sa iyong panahon ng abiso.

Ang tawag dito ay payment in lieu of notice (bayad kapalit ng abiso).

Sa tingin ko may problema ako sa aking panahon ng abiso o sahod

May higit pang detalyadong impormasyon tungkol sa mga panahon ng abiso at sahod sa [website ng Citizens Advice](#).

Maaari mong tiyakin kung nabigyan ka ng tamang panahon ng abiso at sahod gamit ang [tool na ito sa website ng MyPay London](#).

Proteksyon kung nagbago ang pagmamay-ari ng kumpanyang pinagtatrabahuhan mo

TUPE (Transfer of Undertakings (Protection of Employment))

Kung ang kumpanyang pinagtatrabahuhan mo ay mag-iiba ng may-ari, kadalasan ay dapat mong mapanatili ang

MAYOR OF LONDON

Iyong trabaho sa ilalim ng parehong mga tuntunin at kondisyon. Kung hindi, maaaring nilalabag ng mga bagong may-ari ang batas.

Protektado ka sa ilalim ng batas ng tinatawag na **Transfer of Undertakings (Protection of Employment)** o **TUPE** sa maikling salita.

Maaaring mahirap malaman kung kailan ka protektado ng TUPE. Halimbawa, ang mga bagong may-ari ng iyong kumpanya ay maaaring gawin kang redundant o i-lay off ka kung walang pera ang kumpanya.

Mayroon ding iba't ibang alituntunin tungkol sa kung anong mangyayari sa iyong pensyon (kung mayroon ka) depende sa uri ng trabaho mo.

Ang proteksyon sa ilalim ng TUPE ay para sa mga empleyado lang.

Sa tingin ko mayroon akong problema sa aking mga karapatan sa ilalim ng TUPE

May ilang mahusay na **impormasyon sa website ng Worksmart** tungkol sa iyong mga karapatan kapag nag-iba ang pagmamay-ari ng kumpanyang pinagtrabahuhan mo:

Mga pamilya at magulang

May ilang karapatan na nagpoprotekta sa iyo kapag ikaw o ang iyong ka-partner ay magkaroon o mag-ampon, ng anak.

Mahalagang tandaan na ilan sa mga karapatang ito ay naaangkop lang sa mga taong may partikular na katayuan ng pagtatrabaho (tulad ng **empleyado**, o isang **trabahador/manggagawa**).

Pahinga mula sa trabaho at sahod kapag ikaw ay manganganak

Maternity leave at maternity pay

Kung ikaw ay manganganak, dapat pahintulutan ka ng taong pinagtatrabahuan mo ng partikular na tagal ng panahon para magpahinga mula sa trabaho. Ang tawag dito ay **Statutory Maternity Leave o Maternity Leave na Ayon sa Batas**.

Dapat patuloy nilang bayaran ka ng partikular na halaga habang wala ka sa trabaho. Ang tawag dito ay **Statutory Maternity Pay o Maternity Pay na Ayon sa Batas**.

Ang Maternity Leave na Ayon sa Batas ay para sa **mga empleyado** lang.

MAYOR OF LONDON

Ang Maternity Pay na Ayon sa Batas ay para sa **lahat ng empleyado at ilang trabahador/manggagawa** na nasa kanilang mga trabaho sa isang partikular na tagal ng panahon at kumikita ng partikular na halaga.

Kung hindi ka makakakuha ng maternity pay, maaari kang makakuha ng ibang suportang pinansyal mula sa gobyerno, tulad ng Maternity Allowance.

Ang gobyerno ay mayroong **mas detalyadong impormasyon sa kanilang website.**

Mayroon din silang kapaki-pakinabang na **tool para sa pagkalkula ng kung magkano ang karapat-dapat mong matanggap.**

Pahinga mula sa trabaho at bayad kapag manganganak ang iyong partner

Paternity leave at pay

Kung manganganak ang iyong partner o kayong dalawa ay mag-aampon ng bata, dapat kang pahintulutan ng taong pinagtatrabahuhan mo ng partikular na tagal ng panahon para magpahinga mula sa trabaho. Ang tawag dito ay **Statutory Paternity Leave o Paternity Leave Ayon sa Batas.**

MAYOR OF LONDON

Dapat patuloy nilang bayaran ka ng partikular na halaga habang wala ka sa trabaho. Ang tawag dito ay **Statutory Paternity Pay o Paternity Pay Ayon sa Batas**.

Maaari ka ring humiling ng ilang araw na di pagpasok sa trabaho na hindi bayad para pumunta sa mga check up kasama ang iyong partner habang siya ay buntis.

Ang Paternity Leave na Ayon sa Batas ay para sa **mga empleyado** lang.

Ang Paternity Pay na Ayon sa Batas ay para sa **lahat ng mga empleyado** at **ilang mga trabahador/manggagawa** na nasa kanilang trabaho sa partikular na tagal ng panahon at kumikita ng partikular na halaga.

Ang gobyerno ay mayroong **higit na detalyadong impormasyon sa kanilang website**.

Mayroon din silang kapaki-pakinabang na **tool para sa pagkalkula ng halagang karapat-dapat mong matanggap**.

Pag-share ng time off at bayad sa iyong partner kapag kayo ay nagkaroon ng anak

Shared Parental Leave at Shared Parental Pay

MAYOR OF LONDON

Kung ikaw at ang iyong partner ay magkakaroon o mag-aampon ng bata, maaari kayong mag-share ng partikular na panahon ng pahinga mula sa trabaho. Ang tawag dito ay **Shared Parental Leave**.

Dapat patuloy kang bayaran ng tagapag-empleyo mo ng partikular na halaga habang wala ka sa trabaho. Ang tawag dito ay **Shared Parental Pay**.

Ang Shared Parental Leave ay para sa **ilang mga empleyado lang** at ang Shared Parental Pay ay para sa **ilang empleyado at ilang trabahador/manggagawa lang**.

Maaaring mahirap tukuyin kung gaano karaming shared parental leave o bayad ang maaari mong makuha dahil nakasalalay ito sa katayuan ng pagtatrabaho ng iyong partner at magkano ang kinikita ninyo pareho.

Ang gobyerno ay mayroong **[higit na detalyadong impormasyon sa kanilang website](#)**.

Mayroon din silang kapaki-pakinabang na **[tool para sa pagkalkula ng halagang karapat-dapat mong matanggap](#)**.

Pahinga mula sa trabaho at bayad kung ikaw at ang iyong partner ay mag-aampon ng bata

MAYOR OF LONDON

Statutory Adoption Pay and Statutory Adoption Leave o Adoption Pay at Adoption Leave na Ayon sa Batas

Kung ikaw, at ang iyong partner, ay mag-aampon ng bata, maaari kang makakuha ng ilang araw na pahinga mula sa trabaho. Ang tawag dito ay **Statutory Adoption Leave o Adoption Leave na Ayon sa Batas**.

Dapat patuloy kang bayaran ng tagapag-empleyo mo ng partikular na halaga habang wala ka sa trabaho. Ang tawag dito ay **Statutory Sick Pay o Adoption Pay na Ayon sa Batas**.

Isa lang sa inyo ang maaaring mag-claim ng adoption leave o pay, samantalang ang isang partner ay maaaring mag-claim ng paternity leave o pay.

Maaari ka ring makapag-claim ng shared parental leave o pay.

Ang Adoption Leave na Ayon sa Batas ay para sa mga empleyado lang.

Ang Adoption Pay na Ayon sa Batas ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahador/manggagawa** na nasa kanilang mga trabaho sa partikular na tagal ng panahon at kumikita ng partikular na halaga.

MAYOR OF LONDON

Ang gobyerno ay mayroong **higit na detalyadong impormasyon sa kanilang website.**

Mayroon din silang kapaki-pakinabang na **tool para matulungan kang planuhin ang iyong adoption leave.**

Saan ako makakakuha ng payo ng espesyalista tungkol sa aking mga karapatan bilang magulang?

- Ang Maternity Action ay isang pambansang kawanggawa na nagbibigay ng libreng payo sa mga karapatan ng nanay at tatay sa trabaho at mga benepisyo. Maaari mong **bisitahin ang kanilang website para sa higit na impormasyon** o tumawag sa kanilang London Maternity Rights Advice Line sa **0808 802 0057**. Bukas ito mula 10am hanggang 1pm tuwing Lunes, Martes, Huwebes at Biyernes.

Oras ng pahinga mula sa trabaho

May ilang karapatan na nangangahulugan na kailangan kang bigyan ng taong pinagtatrabahuhan mo ng partikular na panahon ng pahinga mula sa trabaho.

Mahalagang tandaan na ilan sa mga karapatang ito ay naaangkop lang sa mga taong may partikular na katayuan sa pagtatrabaho (tulad ng **empleyado**, o isang **trabahador/manggagawa**).

Pahinga sa trabaho at bayad kapag hindi ka makakapasok sa trabaho dahil sa sakit Bayad sa Pagkakasakit na Ayon sa Batas

Kung kailangan mong humiling ng ilang araw na pahinga sa trabaho dahil ikaw ay maysakit, dapat kang bayaran ng partikular na halaga ng taong pinagtatrabahuhan mo.

Ang tawag dito ay **Bayad sa Pagkakasakit na Ayon sa Batas**.

Kailangan lang nilang bayaran ka para sa partikular na tagal ng panahon, pero kung may kontrata ka, maaari kang mabayaran nang higit pa o para sa mas matagal na panahon.

MAYOR OF LONDON

Ang Bayad sa Pagkakasakit na Ayon sa Batas ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahador/manggagawa** lang.

Maaari mong **tingnan kung karapat-dapat ka sa bayad sa pagkakasakit** sa website ng Citizens Advice.

Sa tingin ko may problema ako na nauugnay sa sick leave o bayad sa pagkakasakit

Maaari mong tingnan kung nakukuha mo ang tamang bayad sa pagkakasakit **gamit ang tool na ito sa website ng MyPay London.**

Pagpahinga mula sa trabaho at bayad sa bakasyon

Annual Leave or Statutory Leave Entitlement o Taunang Leave o Pagiging Karapat-dapat sa Leave na Ayon sa Batas

Dapat kang bigyan ng ilang araw na pahinga mula sa trabaho ng iyong tagapag-empleyo kada taon, at kailangan nilang patuloy na bayaran ka tulad ng normal.

Ang tawag dito ay **Taunang Leave** o **Pagiging Karapat-dapat sa Leave na Ayon sa Batas** (minsang tinatawag na **Holiday Entitlement** o **Pagiging Karapat-dapat sa Bakasyon**).

MAYOR OF LONDON

Ang Pagiging Karapat-dapat sa Leave Ayon sa Batas ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahador/manggagawa**.

The government has **more detailed information on their website** about holiday entitlement and pay.

Sa tingin ko may problema ako na nauugnay sa aking taunang leave o bayad sa bakasyon

Maaari mong tingnan kung sapat ang nakukuha mong bayad sa bakasyon gamit ang **tool na ito sa website ng MyPay London**.

Gaano katagal kang maaaring hindi pumasok sa panahon ng emerhensya

Time off for emergencies o Hindi pagpasok sa trabaho para sa mga emerhensya

Dapat kang pahintulutang hindi pumasok sa trabaho ng iyong tagapag-empleyo para sa mga emerhensya na kasangkot ang mga taong nakaasa sa iyo (tulad ng iyong pamilya o mahal sa buhay).

MAYOR OF LONDON

Ang tawag dito ay **hindi pagpasok sa trabaho para sa mga emerhensya** o **time off for dependents** o **hindi pagpasok sa trabaho para sa mga dependent**.

Maaari kang patuloy na bayaran ng taong pinagtatrabahuhan mo habang hindi ka pumapasok sa trabaho, ngunit hindi nila kailangang gawin ito.

Ang karapatang hindi pumasok sa trabaho para sa mga emerhensya ay para sa **mga empleyado** lang.

Ang gobyerno ay mayroong **higit na detalyadong impormasyon sa kanilang website** tungkol sa hindi pagpasok sa trabaho para sa mga emerhensya.

Hindi bayad na pahinga sa trabaho kung may anak ka

Unpaid parental leave o Hindi bayad na parental leave

Kung may mga anak ka, dapat kang pahintulutan ng taong pinagtatrabahuhan mo na magpahinga mula sa trabaho nang walang bayad para alagaan sila.

MAYOR OF LONDON

Maaari kang humiling ng pahinga mula sa trabaho para sa bawat anak hanggang sila ay umabot ng 18 taong gulang, ngunit may limitasyon sa kung gaano karaming araw ng pahinga ang maaari mong kunin kada taon.

Ang hindi bayad na parental leave ay para sa mga empleyado lang.

Ang gobyerno ay mayroong [higit na detalyadong impormasyon sa kanilang website](#) tungkol sa hindi bayad na parental leave.

Mga oras ng pagtatrabaho at mga kondisyon

May ilang karapatan na nagtitiyak na ikaw ay ligtas sa trabaho at mayroong maayos na work-life balance.

Mahalagang tandaan na ilan sa mga karapatang ito ay naaangkop lang sa mga taong may partikular na katayuan sa pagtatrabaho (tulad ng **empleyado**, o isang **trabahador/manggagawa**).

Pagkakaroon ng sapat na pahinga habang nasa trabaho

MAYOR OF LONDON

Mga pahinga sa oras ng trabaho

Dapat kang pahintulutan ng iyong tagapag-empleyo na magkaroon ng pahinga kapag ikaw ay nasa trabaho.

Dapat ka rin nilang pahintulutan na magkaroon ng sapat na pahinga sa pagitan ng mga araw ng pagtatrabaho at sa pagitan ng mga linggo ng pagtatrabaho.

Ang tawag sa mga ito ay **rest breaks at work, daily rest and weekly rest o pahinga habang nasa trabaho (rest breaks at work), arawang pahinga at lingguhang pahinga.**

Ang mga karapatang may kaugnayan sa pahinga sa trabaho ay para sa **mga empleyado at mga trabahador/manggagawa** lang.

Ang mga alituntunin ay maaaring magkakaiba depende sa iyong edad o sa trabaho mong ginagawa.

Ang gobyerno ay mayroong **[higit na detalyadong impormasyon sa kanilang website.](#)**

Pagpapanatiling ligtas at malusog sa trabaho

Health and Safety o Kalusugan at Kaligtasan

MAYOR OF LONDON

Hindi ka dapat pagawin ng taong pinagtatrabahuhan mo ng anumang bagay na maaaring makasama sa kalusugan mo.

Dapat rin nilang kausapin ikaw at ang ibang katrabaho mo para tiyakin na ang inyong lugar ng trabaho ay ligtas.

Ang tawag dito ay **kalusugan at kaligtasan sa trabaho**. Ang mga karapatan na nauugnay sa kalusugan at kaligtasan ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahador/manggagawa**.

Maaari ka ring maprotektahan kung ikaw ay **self-employed** depende sa trabaho mo at kung saan ka nagtatrabaho.

Ang Health and Safety Executive (HSE) ay mayroong **[hiigit na detalyadong impormasyon sa kanilang website](#)**.

Paano ako mag-uulat ng problema sa kalusugan at kaligtasan?

Kung hindi mo nalutas sa iyong sarili ang isang problema sa kalusugan at kaligtasan, maaari mong i-ulat ang iyong tagapag-empleyo.

MAYOR OF LONDON

Kung kanino mo sasabihin ay nakasalalay sa uri ng trabaho mo o kung saan ka nagtatrabaho.

Maaari mong malaman kung kanino mo dapat i-ulat ang isang problema **sa website ng Health and Safety Executive.**

Ano ang dapat kong gawin kung nagkaroon ako ng aksidente sa trabaho?

May ilang magandang payo sa **website ng Citizens Advice** tungkol sa kung ano ang gagawin kung nagkaroon ka ng aksidente sa trabaho.

Pagtatrabaho sa bahay o pagpapalit ng iyong oras

Right to request flexible working o Karapatan na humiling ng pleksibleng pagtatrabaho

Maaari mong hilingin sa taong pinagtatrabahuhan mo na gumawa ng mga pagbabago sa paraan ng iyong trabaho, tulad ng pagpapahintulot sa iyo na magtatrabaho mula sa bahay o pagbabago ng oras ng iyong trabaho.

Ang tawag dito ay **karapatan na humiling ng pleksibleng pagtatrabaho.**

MAYOR OF LONDON

Kailangan nilang magbigay ng magandang dahilan para hindi pahintulutan ang mga pagbabago.

Ang karapatan na humiling ng pleksibleng pagtatrabaho ay para sa **mga empleyado** lang.

Mayroon ang Citizens Advice ng **higit na detalyadong impormasyon sa kanilang website** tungkol sa pleksibleng pagtatrabaho at paano hilingin ito.

Ilang oras ka maaaring pagtrabahuhin

Working Time Directive o Direktiba para sa Oras ng Pagtatrabaho

Hindi ka maaaring pagtrabahuhin ng iyong tagapag-employo nang higit sa partikular na bilang ng oras kada linggo.

Ang tawag dito ay **direktiba sa oras ng pagtatrabaho** o **mga regulasyon sa oras ng pagtatrabaho** .

Ang working time regulations o mga regulasyon sa oras ng pagtatrabaho ay para sa **mga empleyado** at **mga trabahador/manggagawa**.

Para sa ilang trabaho, maaaring kailanganin mong magtrabaho ng mas maraming oras.

MAYOR OF LONDON

Ang gobyerno ay may higit na detalyadong impormasyon sa kanilang website.